This ironic situation perhaps results from what happens when a single space is utilized by two different kinds of people: the locals and the outsiders. These two groups perceive, experience and treat space differently. Because they coexist, a dialectic between residents and outsiders is developed, characterized by how both groups can feel like intruders and intruded

Though technically not part of UP property, UP Village is an ideological expansion of UP in many ways. They both reflect how the colonial influences on the country are localized and infused into our society. In the same way that the University was a legacy of our American colonizers, the idea of creating suburban areas through housing projects is also an American influence.

at the same time. Space then is viewed not only based on the person's social background but also on the person's spatial interaction with other people.

The interaction between those who populate UP Village and the spaces that contain them affects the development of this community. The seemingly welcoming atmosphere of the village masks the tensions that emerge from this spatial interaction. Outsiders feel at home in some establishments, yet their movement is limited by the gates that enclose most streets. To cope with the invasion of their space, residents separate themselves from the outside.

Tranquil, pleasant, idyllic. UP Village is the quintessential suburbia. ■

**REFERENCE:**  
Madanipour, Ali. *Public and Private Spaces of the City*. London: Routledge, 2003.

Link us up! PhilippineCollegian now downloadable at <http://kule0607.deviantart.com>

# Ang Huling Ulat\*

SARAH RAYMUNDO

At sa wakas napuno na ang gusgusing backpack  
Gaya ng paghahanda sa mga nagawa nang ulat  
Ang kasalakuyang pakay ay may malalim na ugat  
Tigib ng sidhi at dalisay ng matalim na panulat

Hindi nagkasya sa puspusang pagkilos,  
sa pagpapatag ng toreng garing na tila may  
tinutubos.

walang kursong hindi tinapos,  
walang pulong na hindi iniraos

Liban sa isang ulat.

Kung ang pakikibaka ay may dalang awit  
Bakit hindi suriin ang konteksto sa likod ng mga  
tinig?  
Bakit hindi tuntunin ang kalikasan ng mga  
pananagisag  
kung ang bawat teksto'y may kasaysayan dapat  
ihayag?

Peligroso ang panlipunang pagisisiyat  
Sa Hagonoy, ang bawat tanong punglo ang  
katapat.  
Nanaig ang sinsin na naisaulo,  
Walang sosyolohiyang sumusuko sa pagpapakatao

Ngunit dumating na sa wakas ang laging  
inaasahan  
Sa digmaan ng tao't berdugo, dayuhan ang  
kapanatagan  
Habang may lamig pa ang hangin ng bukang-  
liwayway,  
Habang 'di pa mawari kung ang orasan at gabii'y  
ganap nang nagkahiwalay,

Habang pilit na kinikilala ang mga yabag,  
Habang ang guniguni'y nagiging pagtitiyak  
Wala palang karahasan ang hindi nakagugulat  
Saksihan mang paulit-ulit, hindi napapawi ang  
sindak.

Hindi pa dahil sa naduduwag ang katawan  
Kundi dahil mahigpit ang tangan sa katwiran  
Katuwirang naninindigan para sa bawat katawan  
Na matagal nang nilalabag nitong di-kaayusan.

Sa puntong iyon, tila walang bisa ang awit ng  
protesta  
Walang berdugong nadadala sa tipa ng gitara  
Wala pang pagbabagong inianak ng mga  
makapangyarihang kanta

Ang suma-tutal: bala ang katapat ng bala

Dala ni Karen ay ang matalim niyang panulat  
Dala ni Karen ay debosyon sa kanyang huling ulat  
Na magmamarka ng kanyang pagtatapos  
Na magpapasinaya ng susunod niyang  
pakikipagtuo

Sa mga signalot sa nakilala niyang bayan,  
na niyakap niyang parang sariling kasintahan.  
May pwersa sa likod ng bawat balang nakatutok  
May uring nakikinabang sa bawat aktibistang  
dinudukot

SARAH KATRINA MARAMAG

## Desaparecidos

**I**T HAS BEEN ALMOST A MONTH SINCE UP students Sherlyn Cadapan and Karen Empeno were abducted and I shiver at the horror of what may or has become of them for every minute that they remain missing and incommunicado.

The new breed of activists in UP were immediately aghast when they found out about Karen but they barely know Sherlyn. This is because immediately after her stint as College of Human Kinetics Rep. in the UP University Student Council, Sherlyn decided to become a community organizer in Tungkong Mangga.

The fact sheet on their disappearance did not mention her being pregnant. Most of us did not even know that she got married, or that her work got her transferred to Hagonoy. But she IS pregnant and only monsters will have the gall to hurt, injure or as much as lay a hand on her and her unborn baby.

Karen's case, on the other hand, hit me with a sense of deja vu. I vividly remember when a close friend of mine suffered the same fate.

My friend was also a UP student doing research for a poetry book in Isabela. She got caught in a crossfire between rebels and military forces, mistaken for an NPA, got arrested and was held incommunicado for a week. Then UP President Francisco Nemenzo even asked for her custody but was denied. She was later on released on bail and charges against her were eventually dropped for lack of sufficient evidence.

The grim difference of her case and Karen's, however, is that the present military and the government is currently out to 'annihilate' not only the NPA rebels but any warm-blooded, progressive, nationalist individual who has

Ang ulat na sana'y maglalaman ng napiping  
kasaysayan  
Malamang ay nasa backpack na naiwan sa  
kanayunan.  
Pero si Karen at ang ulat ay wala nang pinagaiba:  
Inaabangan, inaasahan, ipinaglalaban. ■

\*Thesis na lamang ang kulang ni Karen para  
magtapos ng kursong Sosyolohiya sa UP-Dili-  
man. Bago siya magfile ng residency, nakakuha  
si Karen ng markang INC sa thesis na sa  
mga panahong iyon ay minarapat niya sanang  
tumalakay sa mga awit ng pakikibaka.

Si Sarah Raymundo ay propesor ng  
Sosyolohiya sa Kolehiyo ng Agham  
Panlipunan at Pilosopiya. Kasapi rin  
siya ng Congress of Teachers/Educa-  
tors for Nationalism and Democracy.

taken the cudgels for truth and democracy.

Worse, Karen, Sherlyn and Manuel were abducted in a Central Luzon, where the devil-incarnate Gen. Jovito Palparan is presently designated. Palparan who transformed Mindoro into a killing field, Samar into a ghost town. Palparan who boastfully declared that the Philippines will be 'Red-free' by the time he retires this September. Palparan who human rights activists and advocates aptly call "The Butcher."

A statement from Palparan said that they (the victims) are better off gone because they have allegedly been extorting money from the townsfolk. Assuming for the sake of argument

that this was true, it still does NOT justify that the three were unarmed, defenseless and were arrested despite not being engaged in actual combat. Their arrest and continued 'forced disappearance' violate ALL existing international humanitarian laws and due process.


Even NPA and military fighters caught alive by opposing parties during combat have the right to be treated humanely as prisoners of war (unfortunately a principle not being practiced and respected by the members of the military in past incidents).

But NPAs, Sherlyn and Karen are NOT. Extortionists? Very highly unlikely. They are simply student activists who chose to make their lives more meaningful by actually living what they learned outside the auspices of UP.

Karen's teachers in UP profess that she was in Hagonoy doing research for her thesis. According to her teacher Ms. Jonabelle Asis, an instructor from the Department of Sociology, "Dahil habang ang karamihan sa akademya ay pinipili para sa kanilang thesis ang mga mas "safe" na paksa tulad ng identity, sexuality, citizenship at kung anu-anong chorva, mas pinili niyang mag-engage sa usaping mas mahalaga at napapanahon -- ang usapin ng mga magsasaka."

"Pumunta siya sa Bulacan upang manaliksik ukol sa kalagayan ng mga magsasaka roon. Dahil sa mga panahong tulad nito, ang mga intelektwal, lalo na tayong mga iskolar ng bayan, ay dapat pumusisyon. Dahil sa totoong mundo, ang mga tunay na nakagagagap sa reyalidad ay ang mga taong ginigipit ng pamahalaan." ■

An expanded version of this article was originally published in Adarna's Attic, the author's web log. Currently the media officer of Anakbayan, she is a former guest editor and features staffer of the Philippine Collegian.



*Ano ang masasabi mo sa pagdokot sa tatlong estudyante ng UP sa Gitnang Luzon?*

Truth shall set us free! Hanapin ang katotohanan. -05-36391, Abram, BS Econ

Grabe naman sila! Wala na ba silang hindi pa palampasin?! -06-78499

Hindi makatarungan ang pagdokot sa mga iska. Sila na mismo ang lumabag sa karapatan natinding mamahayag nang malaya. -06-09656, Kevin dela Cruz

The abduction of Karen and Sherlyn only shows the weakness of our institutions, the military being swayed to betray the people whom it should serve. RP is a failed state! -03-09045, BA Polsci

*Kung isa kang militar na makakasama sa mga sikyu ng UP, sinong personalidad sa kampusang iyong mamatyagan?*

Mamamanman ko ang mga LFS. Hardcore kasi sila! Bwiseet na militar yan! Mga pasista! -04-12345

Si Mmmm. Gusto kong magpabaril sa kanya -00-05175

*Masaya ka ba sa pagkapanalo ni Manny Pacquiao? Bakit o Bakit hindi?*

Pagkatapos ng Laban, MEDYO, nung na-interview na si pacman, HINDI na ako natuwa, and yabang niya! Sana natalo na lang siya! -06-03962, CFA

Masaya kasi di nalugi ang mga pinoy, sana nga lang magretire na si Pacquiao, baka may di magandang mangyari. -05-36391, Abram, BS Econ

I'm not happy kasi lalo siyang aangas, lalong sasakti ang ulo ko sa sami ng komersyal niya at marindiri ang tanga ko sa kanta niyang jologs. I think di siya makabayan. -06-02440, RJ, BAA

Masaya ako sa win ni Manny kasi malaki ang tax na mabibigay niya sa Philippines, which is good. Biruin niyo isa siya sa mga malakaling tao na nagbibigay ng malaking pera sa bansa kahit sa totoong buhay ay hindi naman siya malaki, which is good pa rin kasi diba dapat agile ang mga boxers? -05-44522, Pio, BS IE

Hindi. Kasi napayabang niya nung sinabi niya na pinatagal niya ang game para di lugti ang viewers, if I know nahirapan din siya dun. Kainis, dadami na naman commercials niya at yayaman siya ng husto. -04-63323, Aries

*Next Week's Questions*

1. Maniniwala ka pa ba sa SONA ni Gloria?
2. Ano ang masasabi mo sa headbutt ni Zidane kay Marco Materazzi nung World Cup Finals?



## GMA will be hard put to explain economic crisis at SONA

Gloria Arroyo will certainly have a lot of explaining to do if it's the economy she'll be focusing on in this year's State of the Nation (SONA) address. She will certainly be hard put to explain to the Filipino people why hunger levels, unemployment rates, and foreign debt have reached record-breaking levels under her administration, despite her supposed economic reforms.

The Palace can no longer resort to vague and rosy rhetorics this time. Nobody in his or her right mind will believe GMA if she asserts in her SONA that her administration uplifted the lives of poor Filipinos. The statistics indicate that more Filipinos have gone hungry or jobless under the Arroyo administration. A first quarter Social Weather Stations survey showed hunger was highest in the country in the past eight years, affecting 15.9 percent among the

families of the unemployed, 13.2 percent among the self-employed, 11.6 percent among the private employees, and 6.4 percent among the government workers. The President will also be held accountable for her administration's suppression of the P125 legislated wage hike bill, which would have provided some significant economic relief.

Economic analysts should note that the President, herself a former economics professor, has tolerated blatant intellectual dishonesty by her administration's fabrication and manipulation of economic figures and statistics, in order to dilute signs

of the current economic crisis.

GMA will also have to explain the current crisis of unemployment and underemployment Filipinos are suffering from. The unemployment rate of 11.8% for 2004 is one of the highest in the country since 1956. This would have even been higher in 2005 and 2006, had not the government adopted a new official definition of unemployment last year. Around half of 32 million who were "employed" in 2005 did not find jobs in the formal labor market, and were only able to gain jobs as migrant workers, unpaid family workers, or self-employed workers.

Clearly, the current administration is only bluffing in saying that this year's SONA would be "reflective of the normalizing situation and increasing stability in the country". This pathetic soundbyte of "less politics" is only a Palace tactic to divert national and international attention away from the outrageous state of political repression, corruption-related scandals, military unrest, and the anti-peace talks stance of the Arroyo administration.

### Anakpawis Party-List From the Office of Anakpawis Representative Crispin B. Beltran

\*Rep. Crispin Beltran is confined under police custody at the Philippine Heart Center in Quezon City. By July 24, it will be the 149<sup>th</sup> day of his arbitrary detention by the Arroyo administration.

## LAYOUT ARTIST DESPERATELY WANTED!

Must be familiar with Adobe Photoshop and Pagemaker/InDesign.  
Come to our office with your portfolio. Look for Noel.



"Papatayin namin kayo" sigaw ng pulis nang tangkain ng mga estudyanteng raliyista na magmartsa patungong Mendiola. Makaraan ang ilang minuto, walang awang pinaghahampas ng mga pulis ang mga estudyanteng kasama sa rally. Ilan pa sa mga midya ay pinagbitangang kasama ng mga raliyista at pinagtutulak papalayo sa Mendiola. Tila sa mga pulis, ang mga kabataang nagrali ay mga batang paslit na walang alam.



## NEWS SCAN

### UP Shirt Design Contest!

Halina't mag-design ng trip mong UP tshirt para sa mga ikso! Ikaw na ang baha, basta't maganda, ipadala na!! Hanggang July 28 lang 'to! Kailangan mo lang ng: isang astig na design (1 bond), 300 word explanation, at personal information (Name, course, college, student number, email, contact num). Ipadala sa: upshirt-design@yahoo.com, sa USC Office dropbox, o sa irinyong College Rep! Prizes: 1st prize: P3000, 2nd prize: P1500, 3rd prize: P500. Ang dali noh? Sali na! For inquiries, text 0920-9617600 o magemail sa haliccana@yahoo.com.

### UP Muslim Student's Association

THE UP MUSLIM STUDENT'S ASSOCIATION is calling for all Muslim students in UP to join the only Muslim student organization in UP. Application process is easy, fun, relevant, and quick. For interested applicants, orientation is set every Thursday for July, 4pm at AS lobby. Contact Nizh 09204231353 or Klif 09157829584.

### UP Tomo-Kai Week!

UP Tomo-Kai, in cooperation with Saisaki and ForPals.com, will be celebrating their 16th anniversary with the theme "EIN NI KAGAYAKU JUUROKU: Kislap ng Tomo-Kai Buhay na Buhay". The week-long celebration will be highlighted by the following: Interactive Cultural Exhibit, July 17, 2nd Floor Lobby, Palma Hall, 1 - 4 P.M.; Ramen-Polvoron Relay, July 18, Roces Ave, 4 P.M.; Kissaten, July 20, 2nd Floor Lobby, AS; and the Cultural Night, July 21, Aldaba Hall, 7 - 10 P.M. Sponsored by OICA and Colgate-Palmolive.

### Vignettes of Imaginative Perception

An exhibit of works on the Principles of Design, Visual Perception and Awareness By The Students of the University of the Philippines-Diliman College of Fine Arts Department of Visual Communication, FA 10-11 Section V AY 2005-06, curated by Prof. Mitzi Marie Aguilar-Reyes. from July 10 - July 31 2006 at The Corridor Gallery, Bartlett Hall, UP-College of Fine Arts, E. Jacinto St., Diliman, Quezon City. For inquiries, please call 0919 661 1955

### TAMPISAW "Good grief, Save the Reefs!" Benefit concert for Bantay Dagat

The Institute of Social Order Coral Reef Champions Project in cooperation with SEAIR and KUBLAI's proudly presents TAMPISAW "Good grief, Save the Reefs!" Benefit Concert for the Bantay Dagat of Camarines Norte and Quezon on July 21, 2006 6:00PM, ISO Parking Lot, Ateneo de Manila University. Artists include Urbandub, Akafellas, Join the Club, Kapatiid, Kiko Machine, Out of Body Special, Severo, the Bloomfields, Subscapular, Elevator Action, Lampara, Formula Juan, Village Idiots, Cryola and more! To avail of the tickets, contact kenneth at 09176421845

### Go against the grain. Join UP Sining at Lipunan.

SILIP is a university-wide, CMC-based organization which aims to affirm the vital role of art in shaping and changing society. Formed in 8 Mar 2003, the group highlights the power of film as the medium where all art forms meet. Sign-up booths will be at the College of Mass Communication Skywalk (July 24-28) & Faculty Center (July 31-August 4). Applicants' Orientation (August 4) at the CAL New Building. Questions? Comments? Love notes? Contact Val (0919.371.9249) or Divs (0906.496.0939)

### UP OBEM presents Memoirs of a Geisha

The UP Organization of Business Economics Majors (UP OBEM) will be holding a movie rerun of Memoirs of a Geisha on July 25, 2006, 5pm at the UP Film Institute for the benefit of the World Vision Development Foundation, Inc. The movie, based on the internationally acclaimed novel by Arthur Golden, is an epic story of love and betrayal set against the broad and rapidly changing social canvas of 20th century Japan.

### Thursday High!

Jogging na jogging ka na ba? Simula ngayong Thursday, dalhin na ang iyong best jogging outfit at sumamang tumakbo paikot ng Oval. Meeting place: Grandstand, 5pm. Sama-sama tayong lahat kaya walang hiyan! Healthy ka na, marami ka pang makikilala. O diba? Sama sama na tayong mag Thursday High! For inquiries, text 0920-9224451, o magemail sa mesh\_it\_up@yahoo.com

### Uprising: USC SONA Week 2006 Free Concert

The University Student Council invites you to UPRISING Concert (together with ANAKBAYAN - UP Diliman) today at UP Lagoon across FC, 8pm onwards. The concert is free!

### Mag-AKLAS (Alternatibong Klase)!

Malugod kayong inaanyahan ng University Studen Council na lumahok sa Alternatibong Klase (AKLAS) sa Hulyo 26, 2006, 8:30am - 5pm, CAL New Building. Ito ay may sa temang "Iskolar ng Bayan, Sumanib sa Sambayanan, Pag-aralan ang Lipunan!" Magkakaroon ng pagtalakay sa Philippine Social Realities, Crisis and Change, On Fascism, On Imperialism at On Semifeudalism.



## The World...

FROM P. 3

"Kung hanggang ngayon hindi mo ako maintindihan, tigilan na natin to."

I was stunned. I felt my heart stop as I watched Mitch walk away.

I'm at an all time low. I can't get myself to do anything productive. Mitch hasn't been answering my calls. I tried waiting for her at the places we frequent together, but to no avail. But I refuse to believe that she's calling it quits, not just yet. Last night, she finally texted: "Pumunta ka sa susunod na mob kung gusto mo pa kong makausap."

How did we end up like this? Mitch and I were blockmates when we first met. I was being my anti-social self, seated at the back row of the classroom, when she casually came up to me and introduced herself. I gave her a nod and looked away because I was busy sifting through an Alan Moore graphic novel. But she didn't go away; instead, she pestered me to lend her what I was reading. Normally, I would have snubbed her, but for some reason, I just couldn't say no to Mitch. She can be very persuasive.

Mitch and I, we like the same things: Weezer, comic books, science fiction, and animated movies. I love spending time with Mitch, she's brought me out of my shell, and she's the only one who understands my mood swings. I love her most for not giving up on me when I got diagnosed with depression. I don't know if I can manage without her.

But when she joined an activist organization, we gradually spent less time enjoying ourselves, and more time arguing about politics. I don't blame her for joining the org, it's her right and I respect that. In fact, I saw it coming, it's in her nature. She's so passionate about everything, and that's one of the things I love most about her.

But I hate how she's spending practically all her time doing activist work. She boycotts her classes on walk outs, it's like she's trying to beat my low academic record. What's more, I can't remember how many of our dates she's cancelled because she's off joining rallies, organizing forums and other events, or running around campus for room to room discussions.

I hate fighting about politics, but I just can't reconcile my individualist principles with her activism. We're drifting apart, and I feel like she's the one who is pulling away from me. And I'm scared shitless.

Mitch, it's our first year. I'm sorry for what I said, and I hope we get to talk soon. I'm sorry for writing about us in this column, but it's the only way I can reach you now that you're doing your best to avoid me. Please know that despite everything, I'm not giving up on us.

I hope I can muster enough courage to come to you during the next mobilization, I'm sure you will be there. But forgive me now if I can't. ■



### Da Rayter KoRayter Imoral Suporter Edisyong

Ahalowa mga shupatembang sa pananampalataya sa mga lumalambiting Katakatakei sa keni ni Oble! Aaa! Pagkatapos ng papa kong si Pierre Ynaki "Pinky" Camacho at ng pokpok kong karibal na si Brando "Barbie" Pormiendo, akembang naman ang na-jassign para sumulat nitrez. Nakakalowka ang mga half-awake half-asleep na utaw ditembang sa ofisina. Presure to the nth level! Heniweiz sisimulan ko na ang pambahalaj!

## Primadonna

Habang kumakalog ang ASSet ko sa jeef from PhilCollins, umiikot naman ang ASSets ng mga the Bozzes ng Kule ofis. Winafaaz nila akembang pag-set foot ko sa ofisina, saying late na naman akei therefore late itong EP! Pwe, excuse me! Sino'ng late? Waitereth!

'Yung edhitoryahl kaya ng mga the Bozzes e wiz pa nasisimulan. Lagi na lang "it's all locked up in here." Mga paksyet! Forever na lang kaming mga writer kinukoret sa singhit dahil late ang mga artik namin. Dhuy! Kung may contest ng most late artik ang winner na i-aaward ay walang iba kundi ang edhitoryahl. Ahuhuhuhu! Pagkasulat ko nitong first draft mag-fafly na ang byuti ko sa Shortipunan para magkape at lumandi. Ang joy joy!

## Pantawid-Kati

Ispokening op the land of Landian, silipan este silipin natin ang gwapings na SSBoys sa obal. Kase ba nameyn, ang flashiest newz ay ang pagdatingan ng mga pop-eye Marino. Ayiii! Nanginig nameyn ang two tuhodz nikei nung nag-eye contact kami ng isang SSBoy. Pa-discrete pang sumishilip nang fatally si SSBoy sa aking malaking ASSet.

Por dat bakla, kinaladkahdz ko si cute SSBoy sa CR ng mga maKULEt. Dun kasi, pwede kaming ma-lock ng isang dekada or even poreber. O diveyn? Magpapakitaan kami ng kyemelar! Panu ba nameyn, lahat na yata ng pintuan sa ofisinang itrez ay isa-isa nang natitugkan ng mga knob-knob. Kasalanan itembang ng pusang si Budget Cat, na laging nanlalande ng mga the Bozzes ditembang. Nawafaaz na ang mga pambiliz ng mga bagong knob-knob dahil may-l-prioritize sa mga cut food ang drama ng the Bozzes.

O sha, sha. Let's go na. Bago fa tuluyang tumigosh ang tuhodz ko. Catch you latereth!

P.S. May co-writer dapat akembang sa kolumna itrez pero hanggang immoral support(er) lang daw siya. Wafaaz!

Want back issues?  
Download .pdf copies of  
the Philippine Collegian at  
<http://kule0607.deviantart.com>

deviantARTists, add us to your friends list! :)

**Uphold civil liberties.  
Freedom for Karen Empeño  
and Sherlyn Cadapan.  
Education, not militarization.**

**Join the State of the Nation  
Address Mobilization.**

**U**na nating nakilala si Jose Rizal sa piso. At tulad ng karaniwang barya, pamilyar na sa atin ang pambansang bayani, mula pa pagkabata.

Bunsod ng Republic Act (RA 1425) o Batas Rizal, ginawang bahagi ng kurikulum ang pag-aaral tungkol sa pambansang bayani. Pagdating ng high school, natunghayan natin ang mga nobela niyang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Pati rito sa UP, hindi tayo nilubayan ni Rizal. Mapapa-PI ka nga naman.

Tila kalbaryo ang pag-aralan at unawaan si Rizal at ang kanyang mga akda. Subalit, anu't anoman, itinakda na siya'y pumaloob at umiral sa ating kamalayan.

#### Paglilitis

Abril 3, 1956 nang ipanukala ang Senate Bill (SB) 438 (na magiging RA 1425), na naglalayong ituro sa mga paaralan ang mga nobela ni Rizal. Bagaman wala namang pagtutol dito ang mayorya ng Senado, naalarmang Simbahang Katoliko. Anti-Katoliko raw ang mga nobela ni Rizal. Ayon kay Florentino Iñigo Jr., propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP), "ikalawang paglilitis ito kay Rizal," lalo pa't inakusahang "subversivo" ng Simbahan ang mga akdang binanggit.

"Kinakailangan ngayong itanim ang binihi ng nasionalismo sa mga kabataan," anila Senador Claro M. Recto at Jose P. Laurel Sr., ang mga pangunahing nagsulong ng Batas Rizal. Tila naayon ang gayong panawagan noong panahong iyon, sapagkat sa loob at labas ng Senado, umiinit ang panawagang muling sipatin ang relasyong United States (US) at Pilipinas, sampung taon matapos ang "kalayaan" ng ating bansa. Kontrolado ng US ang ating ekonomiya sanhi ng pag-export ng ating mga produktong agrikultural sa ilalim ni Pangulong Ramon Mag-saysay. Panahon din ito ng matinding kampanya ng pamahalaan laban sa rebelyong Huk.

Naging maiinit ang deliberasyon sa Senado. At noong Hunyo 12, 1956, pinirmahan ni Pangulong Magsaysay ang RA 1425.

#### Diskurso

Isang tagumpay na sana ng RA 1425 ang muling pagpapakilala kay Rizal. Batid nating nakibaka siya para sa kasarinlan ng bayan. Ngunit sa ganitong antas din dapat himayin ang kanyang pagkabayani, na hindi gaanong napaglimiliang mabuti sa klase.

Hindi maitatangging iginawad ng kolonyalistong Amerikano ang titulo kay Rizal noong 1901, dahil isa siyang tao ng kapayapaan, ayon na rin sa kanyang mga sinulat. Angkop na angkop ang paglagay kay Rizal sa pedestal bilang kinatawan ng programang "mapagkondiling asimilasyon." Pabor siya sa pagbabagong politikal ng bansa sa pamamagitan ng pag-sasagawa ng mga reforma, kahit na dayuhang mananakop ang mag-aapruba at magpapatupad ng mga repermang ito.

Bagaman may mga mapang-himagsik na ideya ang *Noli* at *Fili*, hindi siya sumang-ayon sa isinusulong na rebolusyon ng Katipunan.

# RIZALOHIYA

## Si Rizal sa loob at labas ng klasrum



Ayon sa kanyang sanaysay na "The Philippines: A Century Hence" noong 1889, marahas at mapanganib ang ganitong anyo ng pagbabago "kung ito ay magmumula sa masa." Magiging "mapayapa at mayaman sa resulta" kung mula ito sa Nakaaangat na Uri sa Lipunan. Kaya't nang idin

siya ng kolonyalistong Espanol sa salang rebelyon, tahasan niya itong itinanggi.

Samantala, titingala pa rin si Rizal ng marami, kahit noong siya'y nabubuhay pa. Sa katunayan, isa siya sa inspirasyon ng Katipunan sa pag-sulong ng rebolusyon. Sa ibang bansa

naman gaya ng Tsina, Alemania, at Espanya, may mga nakatayong bantayog si Rizal bilang pagkilala sa kanyang kaisipan at mga nagawa para sa ating bayan.

#### Lihis

Napakarami pang maaaring lin-

awin ukol kay Rizal, ngunit hindi matatalos ng kurso ang ganitong mga bagay kung dispalinghado ang pagtuturo.

Lahat nga ng paaralan sa bansa ay may kursong Rizal. Subalit nauwi ito madalas sa pagkabisa ng mga datos ukol sa kanyang buhay at mga akda, at pagtatanghal sa klase ng matamis na suyuan nina Ibarra at Maria Clara, at ng pagkabaliw ni Sisa. Ayon kay Choy Pangilinan, nagtuturo ng PI 100 sa UP Baguio, "pinapatay ang kabataan ng kursong Rizal" dahil sa ganitong de-kahong lapit. Hindi nito nailalapat sa kasalukuyang panahon ang mga kaisipan ni Rizal, lalo na ang pagiging makabayan.

Lumalabnaw at lumilihis sa oriinal na sentimyento at layunin ng *Noli* at *Fili* ang pagkalat ng mga pinadali at pinagaang bersyon ng mga ito. Ipinatanggal ng Simbahan ang mararahas na anti-Katolikong pahayag sa mga nobela ukol sa signalot ng mga orden at pagbabayad para sa kaligtasan sa kabilang buhay.

Marami rin sa mga kolehiyo at unibersidad sa bansa ang nagtuturo ng kursong ito sa Ingles, tulad ng Rizal Technological University at Jose Rizal University. Taliwas at kakatwa ito sa tinuran ng ating bayani sa kanyang tulang "Sa Aking mga Kababata" at ng kanyang tauhang si Simoun ng *Fili* ukol sa pagmamahal sa sariling wika. Ayon kay Dr. Bienvenido Lumbera, Pambansang Alagad ng Sining at iskolar sa panitikan at kulturang Filipino, ang paggamit ng Ingles sa mga asignaturang gaya nito ay pagtugon sa pangangailangan ng mga bansang may maunlad na teknolohiya at industriya. At dapat tayong umakma sa wika ng industrialisasyon upang diumano'y makasabay tayo sa kalakaran ng daigdig.

Isa rin sa kakatwang rekisito ng ibang guro ng kurso ay ang field trips sa Bundok Banahaw, pugad ng sektang Rizalista. Ayon kay Prop.

Ramon Guillermo ng DFPP, bahagi lamang ng ating folklore ang ganitong pagsamba sa bayani at wala itong kaugnayan sa mga akda ni Rizal. Nauwi lamang ang ganitong mga paglalakbay sa mistisismo ni Rizal, isang paghihintay sa ikalawang pagbabalik ng isang pinaniniwalaang mesias.

Dahil sa ganitong mga paggamit kay Rizal, nababansot ang dapat na damdaming makabayan ng mga mamamayan. Naluluoy na lang si Rizal bilang bahagi ng nakaraan – na lumipas na't aksaya ng panahon kung babaikan pa't uriratin.

Sa labas ng paaralan, kung gagamitin man ang mga tinuran ni Rizal, madalas ang mga ito'y lisya sa nais niyang ipahatid. Nang ideklara ni Marcos ang Batas Militar, kinasangkapan niya ang linyang "sa ikuunlad ng bayan, disciplina ang kailangan" ni Rizal. Maging noong Disyembre 30, 2003, nangako ang Pangulong Arroyo sa harap ng rebulto ni Rizal sa Baguio na hindi tatakbo sa eleksyon 2004 – na isa diumanong sakripisyo para sa bayan. Binabaluktot ng mga personaheng ito mula sa nakaangat na uri ang mga pahayag ng bayani.

Sa lahat ng ito'y naibabalik tuloy sa hukay ng paglimot si Rizal dahil sa ganitong mga pagsipat. Nagiging isang karaniwang mukha na lamang siya sa bumabagsak nating piso: patuloy na lumiliit, nawawalan ng kinang, at ng silbi.■

*Maraming salamat kay Prop. UZ. Eliserio sa kanyang tulong para rito.*